
CENTRAL LIBRARY
MERALCO AVE., PASIG CITY

# Ipinagmamalaki Kong Ako'y Pilipino





LIB
I

**NFE Accreditation and Equivalency Learning Material**

Philippines Nonformal Education Project
(ADB-Assisted)

Bureau of Nonformal Education
DEPARTMENT OF EDUCATION,
CULTURE AND SPORTS




# Conversion Table

## Metric to English

### Length

| | | |
|---|---|---|
| 1 millimeter (mm) | = | 0.03937 in |
| 1 centimeter (cm) | = | 0.3937 in |
| 1 meter (m) | = | 3.2808 ft |
| 1 kilometer (km) | = | 0.6214 mi |

### Area

| | | |
|---|---|---|
| 1 sq. cm ($cm^2$) | = | 0.155 $in^2$ |
| 1 sq. m ($m^2$) | = | 10.764 $ft^2$ |
| 1 Hectare (ha) | = | $3.861 \times 10^{-3}$ $mi^2$ |
| 1 sq. km. ($km^2$) | = | 0.3861 $mi^2$ |

### Volume

| | | |
|---|---|---|
| 1 cu centimeter ($cm^3$) | = | 0.0610 $in^3$ |
| 1 cu meter ($m^3$) | = | $6.1026 \times 10^4$ $in^3$ |
| | = | 35.316 $ft^3$ |
| 1 liter (l) | = | 61.0237 $in^3$ |
| | = | 1.05668 qt. (US) |
| | = | 0.26417 gal. (US) |

### Mass (Weight)

| | | |
|---|---|---|
| 1 milligram (mg) | = | 0.0154 grain |
| 1 gram (g) | = | 0.0353 oz |
| 1 kilogram (kg) | = | 2.2 lbs |
| 1 tonne | = | 2204 lbs. |

### Power

| | | |
|---|---|---|
| watt (W) | = | 0.73756 ft-lb/sec |
| kilowatt (kW) | = | 737.56 ft-lb/sec |
| | = | 1.341 HP |

## English to Metric

### Length

| | | |
|---|---|---|
| 1 inch (in) | = | 25.4 mm |
| 1 foot (ft) | = | 30.48 cm |
| 1 yard (yd) | = | 0.9144 m |
| 1 mile (mi) | = | 1.6093 km |

### Area

| | | |
|---|---|---|
| 1 sq. in ($in^2$) | = | 6.4516 $cm^2$ |
| 1 sq. ft ($ft^2$) | = | 929.63 $cm^2$ |
| 1 sq. yd ($yd^2$) | = | 0.836 $m^2$ |
| 1 sq. mile ($mi^2$) | = | 2.5899 $km^2$ |

### Volume

| | | |
|---|---|---|
| 1 cu inch ($in^3$) | = | 16.387 $cm^3$ |
| 1 cu ft ($ft^3$) | = | 28.318 lit. |
| 1 fluid ounce (fl. oz) | = | 28.413 ml |
| 1 quart (qt) | = | 0.9463 lit. |
| 1 u.s. gal | = | 3.785 lit. |

### Mass (Weight)


| | | |
|---|---|---|
| 1 ounce (oz) | = | 28.349 g |
| 1 pound (lb) | = | 453.6 g |
| 1 hundred weight (cwt) | = | 50.802 kg. |
| 1 ton (st) | = | 907.1847 kg. |

### Power

| | | |
|---|---|---|
| ft-lb/sec | = | 1.35582 W |
| ft-lb/sec | = | 0.02259 W |
| horsepower (hp) | = | 745.7 W |


## Volume

### Rectangular Solid





$$V = l \times w \times h$$

### Sphere




$$V = \frac{4}{3}\pi r^3$$

### Cylinders





$$V = \pi r^2 h$$

### Temperature

$$°K = °C + 273$$

$$°F = \frac{9}{5}°C + 32$$

$$°C = \frac{5}{9}(°F - 32)$$




## Alam mo ba na....

- Pinaniniwalaan na may 14 bilyong taon na ang sansinukuban (universe).
- Matatagpuan sa Mars ang pinakamalaking bulkan sa ating solar system. Ang Olympus Mons, na may lawak na 600 kilometro at taas na 24,000 kilometro ay tinatayang tatlong ulit ang taas sa pinakamataas na bundok sa ating mundo, ang Bundok Everest (8,848 metro).
- Isang linggo sa ating mundo ang isang araw sa planetang Pluto.
- May mga kemikal na nakasisira sa ozone layer na nanggagaling sa mga aerosol spray at refrigerator.
- Gumagalaw ang mga kalamnan sa ating mga mata ng 1,000,000 beses sa isang araw.
- Ang femur o buto sa hita na may habang 48 sentimetro ang pinakamahabang buto sa katawan ng tao. Napakatibay ng butong ito na kaya nitong suportahan ang 30 ulit na bigat ng isang tao.
- Halos sintigas ng bato ang ngipin ng tao.
- Kailangan ng mga mata ng tao ng isang oras para makaayon at makakita sa dilim. Gayunman, kapag nakaayon (adapt) na ito sa dilim, 100,000 ulit itong sensitibo sa liwanag (light) kaysa kapag ito ay nasa ilalim ng matinding sinag ng araw.
- Kinakailangan ang paggalaw ng 72 kalamnan upang makabanggit ng isang salita.
- Kailangan lamang ng 17 kalamnan sa ating mukha upang ngumiti ngunit 42 naman ang kailangan upang sumimangot.
- Sa isang karaniwang araw, naglalabas ng dalawa at kalahating kuwatro-galon (quart) ng pawis ang tao.
- Kung hihilahin sa magkabilang dulo ang lahat ng daluyan ng dugo (blood vessel) sa ating katawan, susukat ito ng habang 97,000 kilometro.
- Nangangailangan ng mahigit na 50 uri ng sustansiya (nutrients) ang katawan ng tao upang mabuhay.
- May 206 buto at mahigit na 6,000 kalamnan ang katawan ng tao.
- Binubuo ng 80% tubig ang katawan ng tao.
- Humihinga ang tao nang halos 7 kuwatro-galong (quart) hanging bawat minuto.
- Tinatayang binubuo ng tubig ang 70% ng mundo. Tanging isang porsiyento lamang ng tubig ang maaaring inumin ng tao.
- Ang pinakamababang numero na maaaring i-devide o hatiin ng mga numero mula 1 hanggang 10 ay 2520.
- Maaring magbunga ng tiyak at masakit na kamatayan ang pagkawala ng 20% ng tubig sa katawan ng tao.
- Nag-aaksaya ng 10,000 litro ng tubig sa isang taon ang isang gripong tumatagas ng isang patak kada segundo.
- Sa equator, magkatulad ng haba ang araw at gabi.
- Sa lahat ng salita sa wikang Ingles, ang salitang "set" ang may pinakamaraming ibig sabihin.
- Ang "E" ang kalimitang ginagamit na letra sa alpabetong Ingles; ang "Q" naman ang hindi malimit gamitin.
- Hanggang Hulyo 2000, 81 milyon na ang populasyon ng Pilipinas.
- Sa Pilipinas, 83% ng mga tao ay Romano Katoliko, 9% ay Protestante, 5% ay Muslim, at 3% ay Buddhist, Taoist o kabilang sa iba pang relihiyon.
- May kabuuang 80 diyalekto ang Pilipinas. Filipino ang ating pambansang wika at Ingles naman ang gamit sa komersiyo at politika.
- Si Agapito Flores, isang Pilipino, ang nakaimbento ng fluorescent lamp.
- Ang Pilipinong si Rafael "Paeng" Nepomuceno ay tatlong-beses na Guiness Record holder sa larangan ng bowling.
- Hanggang taong 2000, tinatayang 89.9% ang employment rate sa Pilipinas.
- Ang karaniwang kita sa isang taon ng isang pamilyang Pilipino na may 5 miyembro noong taong 1997 ay P123,168.00 ayon sa pagtataya ng National Statistical Coordinating Board.
- Sa taong 1999, may 1,310,865 na jeepney at 1,144,666 na motorsiklo ang nakarehistro sa Pilipinas.
- Sa taong 1997, may pinakamaraming establisimento ang sektor wholesale at ang retail trade na may 15,237 establisimento. Sinundan ito ng sektor sa paggawa (manufacturing sector) na may 14,734. Sa kabuuan, tinatayang may 59,370 establisimentong pangnegosyo dito sa Pilipinas.


## Area

### Rectangle





$$A = l \times w$$

### Square





$$A = s^2$$

### Parallelogram





$$A = b \times a$$

### Triangle




$$A = \frac{b \times h}{2}$$

### Circle




$$A = \pi r^2$$

where $\pi = 3.1416$

# Ipinagmamalaki Kong Ako'y Pilipino

**Karapatang-Ari 2001**
**KAWANIHAN NG EDUKASYONG NONFORMAL**
**Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports**

Ang modyul na ito ay pag-aari ng Kawanihan ng Edukasyong Nonformal, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o kopyahin sa anumang paraan o anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ang organisasyon o ahensiya ng pamahalaang naglathala.

**Inilathala sa Pilipinas ng:**

Kawanihan ng Edukasyong Nonformal
Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports
3/F Mabini Bldg., DECS Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.: (02) 635 - 5189 Fax No.: (02) 635 - 5191

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT SPORTS**
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*

Sama-Sama
sa DECS



*Mahal kong Mag-aaral,*

Inihahandog namin ang *Nonformal Education Accreditation and Equivalency* (NFE A & E) *Learning Program*. Ito ay isang alternatibong paraan upang higit na mapabuti ang iyong kaalaman at kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagkukwenta. Sa pakikisali mo sa programang ito, matatamo mo ang isang katibayan sa antas ng elementarya at sekondarya.

Sa pamamagitan ng sistemang ito, sisikapin namin na maihandog sa iyo ang isang uri ng pag-aaral na hahawi sa mga balakid na naging dahilan upang ikaw ay mahinto sa pag-aaral. Magagampanan mo nang maluwag ang mga gawain sa pagkatuto, dahil sarili mo ang oras ng pag-aaral at abot-kamay mo na ang mga bagay na makatutulong sa iyo.

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga modyul na nakasulat sa English at Filipino sa antas ng elementarya at sekondarya, malilinang ang iyong kakayahan at kaalaman sa limang lawak ng pag-aaral. Makatutulong ito upang magampanan mo ang iyong tungkulin bilang isang Pilipino sa isang makabagong lipunan. Inaasahan na sa masusi mong pag-aaral ng mga modyul at pagsusuri ng sariling kakayahan at kaalaman, mauunawaan mo ang mga pang-araw-araw na suliranin at makapagbibigay ka ng makabuluhang pasiya. Magkakaroon ka rin ng bagong kakayahan at kaalaman na magagamit mong puhunan tungo sa pagkakaroon ng mabuting gawain, wastong gawing pangkalusugan, dagdag na kita, sigla sa pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan at mabuting uri ng buhay para sa pamilya.

May pagsubok na ibibigay sa iyo. Sa pamamagitan nito, masusukat ang iyong kasanayan at kaalaman matapos mong pag-aralan ang mga modyul. Sakaling magtagumpay ka

Tel. # 633-7228
633-7208
Fax # 636-4876

sa pagsubok, bibigyan ka ng katibayang pang-elementarya o pansekondarya. Makatutulong ito upang magkaroon ka ng magandang hanapbuhay at ng magandang pagkakataon para makapagpatuloy ng pag-aaral.

Sana'y makawilihan mo ang pag-aaral sa mga modyul na ito. Ang mga kasanayan at kaalaman dito ay makatutulong din sa iyo upang magkaroon ka ng disiplinang pansarili, makilala at maisagawa nang maayos ang iyong pananagutan upang matagumpay na makipamuhay sa isang lipunang patuloy na nagbabago. Sana'y maging isang Pilipino ka na marunong makibagay at gumanap ng tungkulin tungo sa pagsulong at pag-unlad ng pandaigdig na lipunan.

Makatulong sana sa iyo ang pagsisikap naming mapabuti ang uri ng iyong pamumuhay sa kinabukasan.

**RAUL S. ROCO**
*Kalihim*

## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Bagama't tayo'y bansang maraming subkultura, may nangingibabaw na mga katangian, kaugalian at paniniwala na taglay ng karaniwan sa atin. Ito ang tinutukoy nating kultura ng Pilipinas.

Ikaw ba'y tunay na Pilipino? Bakit sa palagay mo?

Ipinagmamalaki mo ba ang iyong kultura? Ano ang ipinagmamalaki mo dito?

Mahal mo ba ang iyong bayan, ang Pilipinas? Bakit?

Makatutulong ang modyul na ito upang malaman mo ang mga kanais-nais na katangian ng isang tunay na Pilipino. Makatutulong ito na masagot mo ang mga tanong tungkol sa iyong papel at tungkulin bilang mamamayan ng bayang ito. Magiging daan din ito para maisakatuparan at mapatibay mo ang mga pinahahalagahan mo sa buhay na dapat taglayin mo bilang Pilipino.

Nahahati sa tatlong aralin ang modyul na ito:

Aralin 1 – *Tayo'y mga Pilipino*

Aralin 2 – *Ang Palatandaan ng Tunay na Pilipino*

Aralin 3 – *Pilipino sa Isip, sa Salita at sa Gawa*

Kinatatampukan ang modyul na ito ng mga kanais-nais na katangian ng mga Pilipino. Magbibigay ito sa iyo ng pagkakataon para ipakita at isagawa ang mga kanais-nais na katangiang matututuhan mo sa modyul na ito.

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, magagawa mo nang:

- ipagmalaki ang kulturang Pilipino;
- igalang at kalugdan ang bandilang Pilipino, pambansang awit, pambansang wika at iba pang pambansang simbolo ng Pilipinas;
- talakayin ang mga kanais-nais na katangiang Pilipino at mga pinahahalagahan sa buhay; at
- ibigay ang sarili mong opinyon batay sa kwento/awit/dula na nabasa o narinig mo.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago pag-aralan ang modyul, sagutin ang mga tanong sa ibaba para malaman kung gaano na ang nalalaman mo.

Maglagay ng (✔) sa bawat pahayag na nagpapakita ng magandang katangiang Pilipino at maglagay ng (✘) sa bawat pahayag na hindi nagpapakita ng magandang katangiang Pilipino.

_______ 1. Nakatindig nang tuwid at nagtutuon ng atensyon ang tunay na Pilipino tuwing maririnig niya ang Pambansang Awit ng Pilipinas.

_______ 2. Hinihikayat na gamitin ang Filipino, bilang midyum na panturo, sa elementarya, sekundarya at kolehiyo.

_______ 3. Nakaugalian na ng mga Pilipino na huminto para magdasal tuwing orasyon.

_______ 4. Sa isang baryong nagsasagawa ng bayanihan, nagtutulungan ang mga Pilipino sa pagtatayo ng kapilya ng baryo.

_______ 5. Itinuturing na ngayong lipas na o di na uso ang pagmamano.

_______ 6. Kinakailangang patugtugin ang OPM o Original Pilipino Music sa kalahati ng kabuuang oras ng pagpapatugtog ng lokal na pangmusikang programa sa radyo.

_______ 7. Naniniwala ang isang tunay na Pilipino na dapat gantihan ang ibinigay na pabor.

_______ 8. Nakaugalian nang mamanhikan ang mga ikakasal na lalaking Pilipino sa mga magulang ng kanilang mapapangasawa.

_______ 9. Ugaling dayuhan na hindi ginagawa ng mga Pilipino ang mag-abuloy sa namatayang pamilya.

_______ 10. Hindi na ginagawa ng mga Pilipino ang pakikisama o kakayahang makibagay sa iba para makaiwas sa alitan.

Kumusta ang mga sagot mo? Mahirap ba? Ihambing mo ngayon sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 33 ang mga sagot mo.

Kung tamang lahat ang sagot mo, napakahusay! Nagpapakita ito na marami ka nang alam tungkol sa paksa sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul para mabalik-aralan ang alam mo na. Malay mo, matututo ka ng ilan pang bagong kaalaman.

Kung mababa ang nakuha mo, huwag sumama ang loob. Ang ibig sabihin nito'y para sa iyo ang modyul. Makatutulong ito na maintindihan mo ang magagandang katangiang Pilipino na magagamit sa pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralang mabuti ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga sagot sa lahat ng tanong sa pagsasanay at marami pang iba. Handa ka na ba?

Tunghayan mo na ang susunod na pahina para simulan ang Aralin 1.

# Tayo'y mga Pilipino

Anu-ano ang mga kanais-nais na katangian ng isang Pilipino? Anu-ano ang mga pinahahalagahan sa buhay na likas sa ating kulturang Pilipino?

Sa araling ito, malalaman mo ang iba't ibang pinahahalagahan sa buhay ng Pilipino tulad ng pinahahalagahan sa buhay na nagtataguyod ng mabuting pagsasamahan at mapayapang ugnayan, malapit na ugnayan ng pamilya, paggalang sa mga nakatatanda at pananalig sa Maykapal.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, kinakailangang:

- matukoy at maibigay mo ang mga halimbawa ng mga kanais-nais na katangian ng isang Pilipino; at
- maipagmalaki mo ang kulturang Pilipino.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Bilang indibidwal at miyembro ng komunidad, naninindigan si Ricardo sa mga kaugalian at kanais-nais na pagpapahalaga sa buhay ng Pilipino. Malalaman mo kung anu-ano ang mga katangiang ito at kung paano isinasagawa ni Ricardo ang mga ito sa kanyang pang-araw-araw na buhay.

Subukang pagtugmain ang mga kanais-nais na katangiang Pilipino na nakalista sa ibaba at ang mga kilos at asal ni Ricardo. Isulat ang letra ng iyong sagot sa patlang bago ang bawat bilang.

a. Pananalig sa Diyos

b. Pag-eestima sa bisita

c. Paggalang sa mga nakatatanda

d. Utang na loob

e. Mapamaraan o maabilidad/ malikhain

f. Bayanihan (pagtutulungan)

g. Pakikisama (kakayahang makibagay sa iba)

h. Malapit na ugnayan ng pamilya

i. Matiyaga/Positibong pananaw sa buhay

j. Paggalang sa kababaihan

_____ 1. Nagmamano si Ricardo sa kanyang mga magulang, ninong at ninang at nakatatandang kamag-anak. Nakikinig siya at nagpapahalaga sa payo nila at tumutulong sa abot ng kanyang makakaya. Binabalak niyang alagaan ang kanyang mga magulang kapag matanda na sila.

_____ 2. Gusto ni Ricardo na makapiling ang kanyang pamilya sa lahat ng oras. Hanggat maaari'y sinasamahan niya sila sa simbahan, sa regular na mga salu-salo, at sa bakasyon. Gusto niyang mabuhay nang kapiling ang kanyang pamilya kahit hanggang pagtanda niya.

_____ 3. Napakalakas ng paniniwala ni Ricardo sa Diyos. Hindi siya nagrereklamo tulad ng inaasahan dahil alam niyang bahala na ang Diyos sa lahat. Nag-iingat siya ng mga simbolong panrelihiyon at mga santo sa kanyang bahay at sumasamba siya sa mga ito.

_____ 4. Laging handang tumulong si Ricardo sa kanyang mga kapitbahay at iba pang miyembro ng kanyang komunidad. Sumama at sumuporta siya sa People Power 2 sa Edsa noong Enero 2001. Bukod sa paglahok sa mga pambansang proyekto, lagi siyang nariryan kailanma't kailangan ng kanyang mga kabarangay ang tulong at suporta sa pagpapatupad ng mga proyekto.

_____ 5. Natatanaw ni Ricardo ang mga bagay hanggang wakas. Lagi siyang umaasa at tumatanaw sa maaliwalas na bahagi ng buhay. Hindi siya nawawalan ng pag-asa kapag may nakakaharap na mga problema. Sa katunayan, gaano man kamiserable ang buhay niya, sumusulong pa rin siya, dahil alam niyang sa bandang huli'y muling sisikat ang araw. Nananatili siyang mahinahon kahit nahihirapan siyang sumakay ng pampasaherong sasakyan, o kapag nakararanas siya ng polusyon, trapik, kawalan ng tubig at kuryente, baku-bakong daan at masamang serbisyo ng telepono.

_____ 6. Kapag nagbibigay ng pabor ang isang tao kay Ricardo o tumutulong sa kanya sa oras ng pangangailangan, nararamdaman niyang kailangang suklian ang pabor sa taong iyon. Hindi siya matatahimik hangga't hindi nakakabayad sa taong iyon sa kahit anong paraang makakaya niya.

_____ 7. Lagi mong makikitang masayahin si Ricardo saan man siya pumunta. Nagsisikap siyang mapanatili ang magandang samahan at mapayapang pakikipag-ugnayan sa lahat, kahit nakakakita siya ng mga kamalian sa kanyang mga kaaway, kaibigan o pamiliya. Para sa kanya, magbubunga ng masama ang pagiging di-mapagkaibigan at di-pakikipagtulungan sa iba.

_____ 8. Mahilig mag-estima ng mga bisita, kaibigan at kahit estranghero si Ricardo. Napakainit ng pagtanggap niya at bukas-palad siya sa

mga bisita sa bahay, opisina o saan man siya may nakikilalang mga tao.

_______ 9. Napakahusay umimbento ni Ricardo ng mga bagong bagay. Lumilikha siya ng mga dekorasyong gawa sa lumang dyaryo at lata ng soft drink. Nagtatabi siya ng mga lumang papel at basyong lata para magamit sa susunod.

_______ 10. Ginagalang ni Ricardo ang kanyang ina pati na ang kanyang mga kapatid, kaibigan at kasamahang babae. Nagbubukas siya ng pinto, nag-aalok ng kanyang upuan at nagbibitbit ng bag para sa mga babae at umaalalay sa kanila kapag sumasakay o bumababa sa sasakyan.

Kumusta ang pagsagot mo? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 33.



## Subukan Natin Ito

Magbigay ng halimbawa ng bawat kanais-nais na katangian na natutuhan mo ngayon sa pagsasanay. Gamitin ang halimbawa sa tahanan, sa trabaho o sa komunidad. Ano ang naramdaman mo matapos ipakita ang bawat kanais-nais na katangiang Pilipino? Isulat ang mga obserbasyon mo at makipagtalakayan sa mga kamag-aral at *Instructional Manager* tungkol sa mga ito.



## Makinig Tayo

Patugtugin ang teyp ng awit na "Tayo'y Mga Pinoy". Habang nakikinig sa teyp, tahimik na basahin ang liriko at subukang tukuyin ang mensahe ng awit.


**Tayo'y Mga Pinoy**
***Heber Bartolome (orihinal na bersyon)***

**Koro 1**

Tayo'y mga Pinoy
Tayo'y hindi Kano
'Wag kang mahihiya kung
Ang ilong mo ay pango.

Dito sa silangan ako isinilang
Kung saan nagmumula
Ang sikat ng araw
Ako ay may sariling

Kulay-kayumanggi.
Ngunit di ko maipakita
Tunay na sarili.
Kung ating hahanapin ay
Matatagpuan.



Tayo ay may kakanyahang
Dapat hangaan.
Subalit nasaan ang
Sikat ng araw?
Ba't tayo ay humahanga doon
Sa Kanluran?
Bakit manggagaya
Mayroon naman tayo.

*Ulitin ang koro 1*

Dito sa Silangan,
Tayo'y isinilang
Kung saan nagmumula ang
Sikat ng araw
Subalit nasaan ang sikat ng araw
Ba't tayo ay humahanga doon sa
Kanluran?

*Ulitin ang koro 1*

**Koro 2**

Mayro'ng isang aso, daig pa ang ulol
Siya'y ngumingiyaw
Hindi tumatahol
Katulad ng iba
Pa-Inglis-Inglis pa
Na kung pakikinggan
Mali-mali naman
'Wag na lang.

*Ulitin ang koro maliban sa huling linya*

'Wag na oy, oy
Oy, ika'y Pinoy
Oy, oy, ika'y Pinoy.



## Pag-usapan Natin Ito

Nagustuhan mo ba ang awit? Naunawaan mo ba ang mensahe nito? Subukang sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang mensahe ng awit?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ikinahihiya mo bang maging isang Pilipino? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ano ang nauunawaan mo sa linyang: "Mayro'ng isang aso, daig pa ang ulol. Siya'y ngumingiyaw, hindi tumatahol."

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Anu-ano ang mga katangian at kilos na inilalarawan sa awit na nararamdaman mong angkop sa iyo?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________


5. Kung sakaling kulay-kayumanggi ka at pango, mahihiya ka ba? Bakit o bakit hindi?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________


Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 34.



## Alamin Natin

Dapat lagi mong ipagmalaki ang pagiging Pilipino. Hindi mo dapat ikahiya ang iyong kultura dahil binigyan ka ng Diyos ng talino, kakayahan at pisikal na katangiang katangi-tangi sa Pilipino, na dapat lagi mong mahalin at ipagmalaki.

Narito ang ilan sa mga pinakakilalang kanais-nais na katangiang Pilipino.




### Paggalang sa mga nakatatanda

Katangian ito na tanging mga Pilipino at mga kalapit-bayan lamang natin sa Asya ang gumagawa. Nagmamano tayo sa mga nakatatanda at nag-aalok ng ating upuan sa kanila. Inaalagaan natin ang ating mga magulang at mga lolo't lola habang tumatanda sila at hanggat maaari'y sinasamahan sila. Hindi katanggap-tanggap ang hayaan ang magulang o kamag-anak na lumakad nang nag-iisa sa ganyang katandang edad.




### Malapit na Ugnayan ng Pamilya

Gusto nating kapiling ang ating pamilya sa lahat ng oras. Nagsisimba tayo kasama sila, nagkakaroon tayo ng regular na salu-salo ng pamilya at nagdiriwang tayo nang sama-sama tuwing bakasyon. Di katulad ng ibang kultura, tayo'y masayang namumuhay kapiling ang ating mga pamilya kahit tumanda na tayo dahil hindi tayo makakatiis na mabuhay nang malayo sila.




### Pananalig sa Diyos

Laging tayong naniniwala sa pinakamakapangyarihang Diyos na nangangalaga, naghuhukom at naghahari sa atin. Lagi tayong naniniwala na laging naririyan ang Diyos para tulungan tayo sa lahat ng oras. Hindi tayo nagrereklamo tulad ng inaasahan dahil alam nating bahala ang Diyos sa lahat ng bagay.



### Bayanihan o Pagtutulungan

Ang ibig sabihin ng katangiang ito'y pagsasama-sama at pagtutulungan o kahandaang tumugon sa ibang tao, lalo na sa ating mga kapitbahay at kababayan. Ang ibig sabihin din nito'y katiwasayan at pagdama ng pagkakabuklud-buklod o diwa ng pagtutulungan na nagtutulak sa mga tao na sama-samang kumilos para sa isang magandang layunin.




### Tiyaga, Positibong Pananaw sa Buhay at Pagkamalikhain

Ginagawa at tinatanaw ng mga Pilipino ang mga bagay hanggang katapusan. Lagi tayong may positibong pananaw, pag-asa at pagtingin sa magandang bahagi ng buhay. Gaano man kahirap ang ating buhay, sumusulong tayo dahil alam nating sa dulo'y muling sisikat ang araw. Tinatanggap natin ang lahat nang mahinahon at magaan dahil sa ating pagiging matiyaga.



### Utang na Loob

Ibig sabihin nito'y tumatanaw tayo ng utang na loob sa sinumang gumawa sa atin nang mabuti o tumulong sa atin sa oras ng pangangailangan. Sa ganyang dahilan, gusto nating gumawa nang mabuti bilang tanda ng ating pasasalamat.




### Pakikisama o Pakikibagay sa Ibang Tao

Sa pagkakaroon ng mabuting pagsasamahan, nauunawaan natin ang pagkakamali ng ating mga kaibigan at pamilya para lamang mapanatili ang katiwasayan.




### Mabuting Pagtanggap o Pag-eestima sa Bisita

Napakapalakaibigan at bukas-palad natin sa pagtanggap at pag-estima sa mga bisita o kahit sa mga estranghero.



### Pagiging Mapamaraan o Maabilidad/Pagkamalikhain

Nakakalikha tayong mga Pilipino ng kung anong mayroon tayo. Nagpapakita ito ng ating pagiging mapamaraan o maabilidad. Malikhain din tayo sa pakahulugang may kasanayan at talino tayo sa pag-iimbento ng mga bagong bagay.



### Paggalang sa Kababaihan

Sa pangkalahatan, iginagalang ng mga Pilipino ang kanilang mga ina at iba pang kababaihan.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Pag-aralan ang mga sumusunod na sitwasyon. Ano ang dapat na ipakitang kanais-nais na katangiang Pilipino sa bawat sitwasyon? Paano mo ito maipakikita? Isulat ang mga sagot mo sa patlang.

1. Bumisita sa pamilya mo ang isang kaibigan ng iyong ina.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Nagkukumpuni ng bubong ang kapitbahay mo. Napansin mong nahihirapan siya.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Kararating mo lang sa bahay. Nakita mong nasa sala ang mga magulang mo.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Pinautang ka ng kaibigan mo minsang nagipit ka sa pera.

5. May problema ka. Mukhang mahirap lutasin.

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 34–35.

Kumusta ang mga sagot mo? Tama ba lahat? Kung tama lahat, napakahusay! Kung hindi, balik-aralan lamang ang aralin at sikaping mas maintindihan ito.



## Tandaan Natin

Sa araling ito, nalaman mo ang tungkol sa mga kanais-nais na katangiang Pilipino:

- Kilala ang mga Pilipino sa pananalig sa Diyos at pagtitiwala nang husto sa Kanya.
- Kasama sa katangiang pampamilya ang malapit na ugnayang pampamilya, paggalang sa mga nakatatanda at paggalang sa kababaihan.
- Kilala din ang mga Pilipino sa kanilang mabuting pag-eestima sa bisita, bayanihan, pakikisama at utang na loob.
- Mapamaraan o maabilidad, malikhain, matiyaga at may positibong pananaw sa buhay ang mga Pilipino. Nakatutulong ang mga katangiang ito sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino.

**ARALIN 2**

# Ang Palatandaan ng Tunay na Pilipino


Paano mo dapat awitin ang Pambansang Awit ng Pilipinas? Anu-ano ang iba't ibang pambansang simbolo ng Pilipinas? Ano ang katangi-tangi sa mga Pilipino? Sasagutin sa araling ito ang mga tanong na ito at iba pa.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, kinakailangang:

- matukoy mo ang iba't ibang pambansang simbolo ng Pilipinas;
- maipakita mo ang wastong paraan ng pagbibigay-galang sa Pambansang Awit ng Pilipinas;
- maipakita mo ang pag-unawa at paggalang sa mga pambansang simbolo ng Pilipinas; at
- maipakita mo ang pagmamahal sa ating kultura at pambansang pagkakakilanlan o identidad.

## Basahin Natin Ito

### Ang Palatandaan ng Tunay na Pilipino



Minsa'y hiniling sa akin ng isang dayuhan
Na ilarawan ko ang aking minamahal na bayan
Makinig nang mataman
Sa aking tunay at tapat na paglalarawan.

Kung sakaling makakita ako
Ng nakaladlad at nagwawagayway
Na pinakamagandang watawat na may kulay pula, puti at asul
Sagisag ng aking bayan, ako'y magbibigay-galang.

Oras na tumugtog ang pambansang awit
At nagkataong marinig ko ang musikang sa hangi'y pumapailanlang
Ilagay ang kanang kamay sa iyong dibdib
Habang tinutugtog ang masiglang musika.

Ang ating pambansang kasuotan, barong tagalog at baro't saya
Ang ating pambansang bulaklak, ang sampaguita
Ang ating mga katutubong awit, ang ating pambansang punong narra
At ang agila ng Pilipinas
Lahat ng ito'y mga sagisag ng bayan.

Kung sakaling pagtawanan
Ang kulay ng ating balat
Ipagmalaki ito, huwag mahiya
Itaas ang noo, ito'y ipinagkaloob ng Diyos.

Kailanma'y hindi natakot ang ating mga bayani
Na magbuhos ng dugo at magbuwis ng kanilang buhay
Sa pinakaaasam-asam na kalayaan
Sila'y ating ikinararangal, huwag natin silang kalimutan.

– *Walang lagda*



## Subukan Natin Ito

Nagustuhan mo ba ang tula? Naintindihan mo ba ito? Kung naintindihan mo, subukang sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Nakatayo ka ba nang tuwid at inilalagay mo ba ang iyong kanang kamay sa dibdib kapag naririnig o inaawit ang Pambansang Awit ng Pilipinas?

   ______________________________________________

2. Anu-ano ang iba pang pambansang simbolo ng Pilipinas na alam mo na hindi nabanggit sa tula?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Magbanggit ng mga pambansang bayani na tinutukoy ng may-akda sa huling taludtod ng tula.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Paano ka magiging bayani sa iyong mga kaibigan sa sarili mong paraan? sa iyong mga kapitbahay? sa iyong mga kasamahan sa trabaho?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________


5. Bakit mahalagang malaman ang iyong kultura? Bakit mahalagang mahalin mo ang iyong kultura?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35.



## Alamin Natin

Paano mo inaawit ang "Lupang Hinirang," ang Pambansang Awit ng Pilipinas?

Dapat kang magbigay-galang sa Pambansang Awit ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagtindig nang tuwid, pagtutuon ng atensyon at paglalagay ng kanang kamay sa iyong kaliwang dibdib kapag inaaawit ito. Dapat mong titigan ang pambansang bandila nang tapat at taimtim.

Isa lamang ang pambansang bandila sa maraming pambansang simbolo ng Pilipinas. Nabasa mo sa tula ang ibang simbolo. Barong Tagalog at baro't saya ang ating mga pambansang kasuotan. Sampaguita ang ating pambansang bulaklak. Narra ang ating pambansang puno. Agila ang simbolo ng lakas ng Pilipino.

Maaari ka ring maging isang bayani tulad ni Dr. Jose Rizal. Maaari mong gawin ito sa pamamagitan lamang ng pagtulong sa iyong pamilya, mga kaibigan at kapitbahay na hindi umaasa ng anumang kapalit.

Mayamang-mayaman ang kulturang Pilipino. Dapat marami ka pang malaman tungkol dito para magamit mo at mapatibay ang mga kanais-nais na katangiang Pilipino. Makatutulong ito sa iyo para maging mas mabuti kang tao at maging isang tunay na Pilipino.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Tukuyin ang mga pambansang simbolo ng Pilipinas na inilalarawan sa bawat pahayag. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bawat bilang.

_______________ 1. Pambansang awit ng Pilipinas

_______________ 2. Pambansang bayani

_______________ 3. Kasuotang Pilipino ng kalalakihan

_______________ 4. Pambansang puno

_______________ 5. Pambansang bulaklak

B. Sagutin ang mga tanong na ito:

1. Paano mo dapat awitin ang Pambansang Awit ng Pilipinas?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Bakit mo kailangang malaman pa ang tungkol sa iyong kultura?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35–36.

Kumusta ang mga sagot mo? Tama ba lahat? Kung tama lahat, napakahusay! Kung hindi, balik-aralan ang mga bahagi ng araling ito na hindi malinaw sa iyo.

## Tandaan Natin

Mga kanais-nais na katangian ng isang tunay na Pilipino ang nalaman mo. Ipinapakita lamang ng mga ito kung ano ang mga Pilipino. Huwag kalilimutang—

- Dapat mong matutuhan ang paggalang sa Pambansang Awit ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagtindig nang tuwid, pagtutuon ng atensyon at paglalagay ng kanang kamay sa iyong dibdib.
- Dapat alam mo ang mga pambansang simbolo ng Pilipinas, para kapag may nakilala kang mga bagong kaibigan mula sa ibayong-dagat, ikararangal mong ibahagi ito sa kanila.
- Maaari kang maging isang bayani sa iyong mga kaibigan, kapitbahay at kasamahan sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila kapag may problema sila at na hindi umaasa ng anumang kapalit.
- Dapat marami ka pang malaman tungkol sa iyong kultura para magamit mo at mapatibay ang kanais-nais na mga katangiang Pilipino at makatutulong naman ito sa iyo para maging mas mabuti kang tao at miyembro ng komunidad.

Dapat mo lamang tandaan na panatilihin at patibayin ang mga kanais-nais na katangiang Pilipinong nabanggit at huwag kalilimutang ipasa ito sa iba!

# Pilipino sa Isip, sa Salita at sa Gawa

Alin sa mga katangiang Pilipino ang totoong kanais-nais? Paano at kailan ipinapakita ang mga ito? Paano natin ipakikitang Pilipino nga tayo?

Sa araling ito, malalaman mo kung paano maipakikita sa ilang sitwasyon ang mga kanais-nais na katangiang Pilipino.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, kinakailangang:

- matukoy mo ang mga katangian, pinahahalagahan sa buhay, kaugalian at tradisyong Pilipino; at
- mabuo mo ang sariling opinyon kung paano magpapakita ng katapatan sa iyong bayan.



## Makinig Tayo

Kunin ang iyong cassette tape at makinig sa dayalogo. Kung walang magamit na cassette player, basahin na lamang ang sumusunod na dayalogo.

**Mga tauhan:**

| | | |
|---|---|---|
| *Domeng* | - | isang 48 taong gulang na balikbayan mula sa Amerika |
| *Joseph* | - | tinedyer na anak na lalaki ni Domeng |
| *Concha* | - | 70 taong gulang na ina ni Domeng |
| *Honesto* | - | 75 taong gulang na ama ni Domeng |
| *Rey* | - | kapitbahay at mabuting kaibigan ni Domeng |
| *Arvin* | - | tinedyer na lalaking ampon nina Honesto at Concha |

**Tagapagsalaysay**

**Unang tagpo:** Sa paliparan o airport

**Concha:** Arvin, bakit hindi pa dumadating ang eroplano? Huli na nang isang oras, nag-aalala na ako. Baka may nangyari na sa kanila.

**Arvin:** Nana Concha, pakiusap maging mahinahon kayo. Hindi ba ninyo narinig ang anunsyo? Kararating lang ng eroplano mula sa San Francisco.

**Concha:** Talaga, Arvin?

**Arvin:** Totoo, Nana Concha!

**Concha:** Salamat sa Diyos!

**Arvin:** Nana Concha! Mang Rey! Tayo sa banda roon para makita natin sila kaagad.

**Concha:** Mas mabuti pa nga. Malabo na ang mga mata ko, hindi ko makikilala sa malayo si Domeng at ang anak niyang si Joseph.

**Arvin:** Nana Concha, ilang taon na ba si Tiyo Domeng nang umalis sa Pilipinas?

**Concha:** Bata pa siya noon. Mga bente anyos pa lang siya.

**Rey:** Totoo 'yon, Arvin. Magkasing-edad kami at 48 anyos na ako ngayon.

**Arvin:** Mang Rey, 48 anyos na kayo ngayon? Eh di 28 taon na ngayong wala si Tiyo Domeng.

**Concha:** Tama ka, Arvin.

**Rey:** Arvin, tingnan mo! Tingnan mo ang babaeng 'yon! Ang dami niyang bagahe, hindi na niya makayang bitbitin lahat.

**Arvin:** Hindi lamang siya ang ganon, Mang Rey. Tingnan mo ang iba. Pustahan tayo, pasalubong ang laman ng karamihan sa kanilang bagahe. Hindi ba't katulad sila ni Nana Concha? Tuwing bibiyahe siya, laging may uwing pasalubong.

**Rey:** Ay, oo. Kahit galing lang siya sa palengke, may uwi pa rin siyang pasalubong.

**Concha:** Eh, ano naman ang masama do'n? Pagiging Pilipino 'yon. Mahilig tayong magpasalubong.

**Arvin:** Tama kayo. Halos lahat ng balikbayan ay maraming dalang bagahe.

**Concha:** Dahil maalalahanin at bukas-palad ang karamihan sa ating mga Pilipino.

**Arvin:** Marami din kayang dalang bagahe si Tiyo Domeng?

**Concha:** Rey, Rey! Tingnan mo! Hindi ba si Domeng iyong kalalabas lamang sa pintuan?

**Rey:** Siya nga! Nakita din niya tayo!

**Concha:** Domeng! Domeng, anak ko!

**Arvin:** Nana Concha, sa 28 taong pamamalagi sa Amerika ni Tiyo Domeng, hindi kaya siya nagpalit ng palayaw, siguro Dom o Domy?

**Concha:** Hindi bale kung nagpalit man siya ng palayaw o hindi. Para sa akin, siya pa rin ang aking si Domeng!

**Rey:** Iiwan ko kayo sandali. Kukunin ko ang sasakyan. Malayo dito ang paradahan, para kapag nandiyan na si Domeng, makakaalis tayo kaagad.

**Concha:** Mas mabuti pa nga, Rey.

**Domeng:** 'Nay! 'Nay!

**Concha:** Domeng, anak ko!

**Domeng:** (Nagmano sa ina si Domeng)

**Concha:** Pagpalain ka ng Diyos, anak.

**Domeng:** Nasaan si Tatay?

**Concha:** Sumumpong na naman ang rayuma niya, maghihintay na lang daw siya sa bahay.

**Domeng:** Siyanga pala, 'Nay, siya si Joseph, ang apo ninyo. Joseph, siya ang lola mo.

**Concha:** Ay, ang guwapo niya!

**Joseph:** (Nagmano siya sa lola)

**Concha:** Pagpalain ka ng Diyos, Joseph. Joseph, siya si Arvin, pinsan mo.

**Joseph:** Kumusta, Kuya Arvin?

**Arvin:** Ah, eh, mabuti, Joseph.

**Concha:** Domeng, si Arvin, pamangkin mo.

**Arvin:** (Nagmano kay Domeng)

**Domeng:** Akala ko kanina hindi ka kasama ni Nanay. Bakit ang layo mo?

**Arvin:** Sori po, Tiyo. Nag-aalangan akong lumapit kasi hindi ako masyadong marunong mag-Ingles.

**Joseph:** Bakit mo naisip 'yon, Kuya Arvin?

**Arvin:** Kasi, 'yong ilang pinsan natin na nanggaling din sa Amerika, nagsasalita lamang ng Ingles. Asiwa akong makipag-usap sa kanila.

**Joseph:** Huwag kang mag-alala, Kuya Arvin, sanay akong magsalita ng Pilipino. Doon sa bahay, lagi kaming nag-uusap sa Pilipino maliban kung may bisita kami. Gusto nina Daddy at Mommy magsalita kami sa Pilipino kahit hindi kami ipinanganak sa Pilipinas.

**Domeng:** Totoo 'yon. Hindi ko nakakalimutan ang itinuro sa amin ni Nanay. Na hindi namin dapat kalimutan ang ating sariling wika at dapat natin itong ipagmalaki. At isa 'yan sa mga sukatan ng pagiging isang tunay na Pilipino.

**Arvin:** Hinahangaan kita, Tiyo Domeng. Hindi ka katulad ng iba na tinuturuan ang mga anak na mag-Ingles para lamang masabing 'class' sila.

**Concha:** Ipinagmamalaki kita, Domeng. Kahit wala ka sa ating bayan nang napakatagal na panahon, hindi mo nakakalimutang maging isang Pilipino.

**Arvin:** Narito na ang sasakyan natin, Tiyo Domeng.

**Concha:** Arvin, tulungan mo silang magsakay ng kanilang bagahe sa kotse.

**Rey:** Bubuksan ko ang likuran ng kotse.

**Domeng:** Kilala kita . . . Ah, Rey? Ikaw nga, Rey!

**Rey:** Akala ko nakalimutan mo na ako.

**Domeng:** Imposibleng mangyari 'yon, Rey. Maliban sa konting puting buhok, hindi ka pa rin nagbabago.

**Rey:** O, sige. Mamaya na natin pag-usapan 'yan, Domeng. Ikarga na muna natin ang mga bagahe para makaalis na tayo.

**Concha:** Alam mo, Joseph, magkasing-edad at mabuting magkaibigan sina Rey at ang tatay mo. Para silang magkapatid.

**Joseph:** Aha! Maraming sekreto si Daddy na alam ni Tito Rey. Sabihin mo sa akin pagdating natin sa bahay, ha, Tito Rey.

| | |
|---|---|
| **Concha:** | Mukhang marami kang pasalubong. Maliban sa mga maleta, may dala din kayong mga kahong balikbayan. |
| **Domeng:** | Kulang pa nga 'yan, 'Nay. Kulang ang oras namin sa pamimili kaya iniisip ko pang bumili ng ilan pang bagay sa mga Duty Free Shops dito. Nabalitaan kong maraming mapagpipilian dito at mas mura din. |
| **Concha:** | Totoo 'yon, Domeng. Nagbaba sila ng presyo kahit sa mga imported. |
| **Joseph:** | Alam mo ba, Lola. Makakapili ka ng gusto mong pasalubong ni Daddy para sa iyo. Makukuha mo ang talagang gusto mo at kailangang-kailangan. |
| **Concha:** | Ay, naku, maraming salamat! Ang mainam sa pamimili dito, sa mga Duty Free Shop man o sa mga mall, makatutulong ka sa pagpapalago ng ekonomiya ng ating bayan. |
| **Rey:** | Nabalitaan mo ba sa Amerika ang tungkol sa krisis sa ating ekonomya? |
| **Tagapagsalaysay:** | Napakinggan mo ang unang tagpo sa ating dula. Bago mo pakinggan ang susunod na tagpo, mangyaring itigil ang teyp sandali, at sagutin ang sumusunod na tanong. |



## Pag-isipan Natin Ito

Nagustuhan mo ba ang dula? Naintindihan mo ba ito? Subukang sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Anu-ano ang mga pinahahalagahan sa buhay, kaugalian at tradisyong Pilipino na ipinakita ng mga tauhan sa dula?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang masasabi mo kay Domeng na nanatiling tapat sa wika ng bayang kanyang sinilangan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

DEP ED CENTRAL LIBRARY
MERALCO AVE. PASIG CITY

3. Tama ba ang desisyon nina Domeng at Joseph na mamili ng kanilang pasalubong sa mga Duty Free Shops dito? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36.



## Makinig Tayo

Ipagpatuloy natin ang pakikinig sa karugtong ng teyp. (Maaaring basahin mo na lamang uli ang dayalogo kung wala kang magamit na cassette player.)

| | |
|---|---|
| **Ikalawang Tagpo:** | Sa bahay nina Honesto at Concha |
| **Concha:** | Sa wakas, nandito na tayo sa bahay! Halina kayong lahat, pasok. |
| **Domeng:** | (Pagkakita sa ama niya) Mano po, 'Tay. Kumusta po kayo? |
| **Honesto:** | Mabuti naman. Kaya lang nitong mga nakaraang araw, sumasakit ang mga tuhod ko dahil sa rayuma. |
| **Domeng:** | 'Tay, gusto ko pong makilala ninyo si Joseph. Joseph, siya ang lolo mo. |
| **Joseph:** | Mano po, Lolo. Alam ninyo, Lolo, hindi po kayo mukhang gano'n katanda! Parang magkasing-edad lang kayo ni Daddy. |
| **Honesto:** | Talaga? Talagang nagugulat ako sa iyo! Maliban sa magaling kang mag-Pilipino, mahusay ka pang mambola. |
| **Domeng:** | Tama si Jospeh, 'Tay. Hindi ka naman mukhang matanda. Mas marami ka pang buhok kaysa sa akin. Ano'ng sikreto mo? |
| **Honesto:** | Oy, tumigil na nga kayo! Halina sa loob at uminom muna tayo! Arvin, pakitulungan mo nga sila sa kanilang mga bagahe. |
| **Arvin:** | Opo, Tata Honesto, ikinagagalak ko po. |
| **Joseph:** | Salamat, Kuya Arvin. |
| **Arvin:** | Walang anuman. |
| **Honesto:** | Puring-puring ko ang apo ko, Domeng. Marunong siyang magsalita ng ating wika, magalang din siya, kahit laking-Amerika. |

**Domeng:** 'Tay natatandaan mo ba ang laging itinuturo ni Inay? Na hindi ko dapat kalimutan ang ating pambansang wika. Kaya lagi kaming nag-uusap sa Pilipino kapag nasa bahay kami sa Amerika. At syempre, hindi namin nakakalimutan ng aking asawa ang mabubuting katangiang Pilipino. Ang isa dito'y ang pagiging magalang sa mga nakatatanda at iba pang tao. Hindi rin namin nakakalimutan kung paano maging maalalahanin at matulungin. Hindi ko nakakalimutan ang itinuro ninyo ng Inay sa amin mula nang bata pa kami. Naipasa din namin ang lahat ng ito sa aking anak.

**Honesto:** Ipinagmamalaki kita, anak ko. Tunay kang Pilipino.

**Domeng:** Salamat, Itay! Ginawa ko ang lahat ng aking makakaya na matupad ang aking pangakong lagi akong magiging tunay na Pilipino.

**Joseph:** Paumanhin, Lolo! Daddy, pwede bang buksan na natin ang ating mga dala para maipamigay na ang ating mga pasalubong sa kanila? Nasasabik na ako!

**Domeng:** O, sige, anak.

**Joseph:** Lolo, tanggapin mo ang aming pasalubong sa iyo.

**Honesto:** Salamat, Joseph.

**Joseph:** Buksan po ninyo!

**Concha:** O, ano pa ang hinihintay natin? Halina kayong lahat! Kumain muna tayo.

**Joseph:** Lola, nandito po ang pasalubong namin para sa inyo!

**Concha:** Salamat, Joseph. Maraming salamat. Akala ko pupunta pa tayo sa Duty Free Shop para mamili ng pasalubong ninyo para sa akin. Pero meron na pala.

**Domeng:** Oo, Inay. Pupunta pa rin tayo sa Duty Free Shop mamayang hapon. Bibili pa tayo ng pasalubong para sa inyo.

**Honesto:** Para saan pa? Sapat na ito, anak.

**Concha:** Napakaganda nito! Meron na ako ngayong bagong sweater, Honesto!

**Honesto:** Kasya na rin ito sa akin, Domeng. Tamang-tama para sa malamig na panahon.

**Joseph:** Masaya kami, Lolo at Lola, na nagustuhan ninyo ang mga dala namin para sa inyo. Kuya Arvin, narito ang para sa iyo.

**Arvin:** Salamat, naalala mo ako, Joseph.

**Joseph:** Syempre! Paano ka naming malilimutan, Kuya? Laging binabanggit nina Lolo't Lola ang pangalan mo sa mga sulat nila at sa mga tawag nila sa telepono.

**Arvin:** Talaga? Ano ang sinasabi nila tungkol sa akin?

**Joseph:** Na masunurin ka at masipag, tulad ko. Ha! Ha! Ha! Buksan mo na ang pasalubong, Kuya. Sana magustuhan mo!

**Arvin:** Wow! Bagong shirt at pantalon! Salamat, Joseph! Salamat, Tiyo Domeng.

**Concha:** Okey. Ituloy na lang natin ang kwentuhan habang kumakain.

**Domeng:** Inay, nasaan si Rey? Umuwi na ba siya?

**Concha:** Hindi. Nandiyan lang siya. May sorpresa siya para sa iyo!

**Domeng:** Sorpresa? Sapat na ang nagpahiram siya ng sasakyan at nagmaneho siya para sa atin. (Biglang pumasok si Rey na may dalang pagkain)

**Joseph:** Ayan na si Tito Rey, padating na. Tito Rey, eto ang pasalubong namin para sa iyo.

**Rey:** Salamat, Joseph.

**Joseph:** Mmmm . . . Masarap po ang amoy ng dala ninyong pagkain.

**Rey:** Syempre, ako ang nagluto nito para sa inyo ng Daddy mo.

**Domeng:** Mmmm..inihaw na tilapia at pusit. Wow, ito ang mga paborito ko, Rey!

**Rey:** Hindi ko pa nakalilimutan ang mga paborito mo, 'igan! Ano itong dala ninyo para sa akin? Imported na shirt? Bakit, sana lokal na lang ang dinala ninyo! Hindi sa ayaw ko ng ibinigay ninyo sa akin pero . . . Alam ninyo, maipapantay na sa mga imported ang mga produktong gawa sa Pilipinas.

**Domeng:** Talaga?

**Rey:** Oo! Nababalitaan ko nga sa ilang balikbayan na may markang "Made in the Philippines" ang mga binibili nilang produkto sa ibang bansa.

**Domeng:** Hindi na tayo kailangang pumunta sa Duty Free Shop dahil diyan. (Pabulong) Rey, abutin mo ito (iaabot ang pera kay Rey)

**Rey:** Ano ito? Hindi ko ito matatanggap!

**Domeng:** Sige na, 'igan. Kasama talaga 'yan sa pasalubong namin. Siyanga pala, salamat sa pagpapahiram mo sa amin ng sasakyan at pagmamaneho mo rin para sa amin (Sa pagpipilit ni Domeng, tinanggap din ni Rey ang pera.)

**Domeng:** Rey, huwag kang masasaktan. Alam kong hindi matutumbasan ng salapi ang utang na loob. Magagamit mo 'yan para makapanood ng sine ang mga anak mo.

**Honesto:** Ano'ng pinagbubulungan ninyo diyan? Halina kayo, magdasal tayo bago kumain.

**Concha:** May mungkahi ako, Joseph, pwede bang ikaw ang manguna sa dasal bago kumain?

**Joseph:** Opo, Lola. Bendisyunan Mo po kami Panginoon . . .



## Pag-usapan Natin Ito

Nagustuhan mo ba ang karugtong ng dula? Subukang sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Anu-ano ang mga katangiang Pilipinong ginampanan ng mga tauhan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Alin ang gusto mong tularan o patibayin? Paano mo ito isasagawa?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Sumasang-ayon ka ba kay Domeng na hindi matutumbasan ng salapi ang pagtanaw ng utang na loob? Mangyaring ipaliwanag ang sagot mo.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36–37.


## Tandaan Natin

Dapat nating ipagmalaki ang ating mga kanais-nais na katangiang Pilipino. Nagbubunsod ang mga ito ng mabuting pagsasamahan ng mga magkakapitbahay, pati na kanais-nais at matiwasay na ugnayan ng mga indibidwal at ng komunidad sa pangkalahatan.

## Basahin Natin Ito

Talaga bang mahal mo ang iyong bayan? Narito ang maikling sanaysay tungkol sa kung paano maging tunay na Pilipino. Basahin itong mabuti.

### Ako'y Pilipino



Ako'y Pilipino. Ako'y isang makata at taong mapangarapin. Sa hirap at ginhawa, ako'y nagsisikap nang bukal sa aking loob. Lagi kong ipinapanalangin na magkaroon ng kapayapaan at nakahanda akong isuong ang aking buhay para sa kalayaan at katarungan. Nais kong isigaw sa buong mundo na "Ako ang pag-asa ng bayan." Taus-puso ang mga mga salitang ito—mula sa puso ng isang Pilipinong tunay na nagmamahal sa kanyang bayan.

Hindi lamang sa salita mapapatunayan ang pagmamahal ko sa aking bayan kundi pati na rin sa gawa. Nakapagsulat ang ilan sa ating mga pambansang bayani ng mga tula at sanaysay na may pamagat ding "Ako'y Pilipino." Nakatulong sila sa kaunlaran ng ating bayan sa isang panahon. Hindi kailanman malilimutan ang pakikibaka ni Rizal para sa katarungan kahit pagkaraan ng pagpatay sa kanya ng mga Espanyol. Sa obrang pampanitikan ni Apolinario Mabini, siya'y naging "Dakilang Lumpo." Dahil sa kanya, naglingkod nang mabuti si Ramon Magsaysay sa kanyang mga kababayan.

Hindi lamang nakasalalay ang ating kapalaran sa mga pinuno ng ating bayan kundi pati na rin sa ating mga kababayan. May papel na kailangang gampanan ang bawat isa sa atin para tumulong sa ating bayan.

Ako'y tunay na Pilipino. Ano ang ibig sabihin nito sa ating mga kabataan? Ano ang ibig sabihin nito sa iyo?

## Subukan Natin Ito

Nagustuhan mo ba ang sanaysay? Naintindihan mo ba ito? Subukang sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Tungkol saan ang sanaysay?

2. Ano ang ibig sabihin ng may-akda sa sinabing gawin ang mga bagay hindi lamang sa salita kundi pati na sa gawa, batay sa mga tula at sanaysay ng ating mga pambansang bayani sa nakaraan?

3. Paano mo mapapatunayan ang pagmamahal mo sa iyong bayan sa panahon ng digmaan? sa panahon ng kapayapaan?

4. Kunwari'y isa ka sa mga sumusunod:

   a. guro

   b. pulis

   c. doktor

   d. negosyante

   Paano mo maipakikita na isa kang tunay na Pilipino sa paglutas sa mga problema ng komunidad at ng bayan?

5. Tukuyin ang mga organisasyon sa iyong komunidad na nakatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran, kapayapaan at kaayusan, atbp. Sumali ka na ba sa alinman sa mga organisasyong ito? May intensyon ka bang sumali sa isa sa mga ito? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

6. Suriin ang kasalukuyang sitwasyong pampulitika ng ating bayan. Anu-ano ang naunawaan mo dito? Sa nalaman mong mga kanais-nais na katangiang Pilipino, alin ang dapat patibayin ng isang mabuting lider na Pilipino?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

7. Basahin ang "Panatang Makabayan." Tungkol ito sa kung paano at bakit dapat mahalin at ipagmalaki ang iyong bayan, ang Pilipinas. Kopyahin ito sa isang kapirasong papel at itago sa iyong pitaka o bag. Tandaang pag-aralan at unawain ito, at pinakamahalaga'y gamitin ang ibig ipakahulugan nito. Maaari mong palitan ang salitang *paaralan* sa pampitong linya ng salitang *komunidad, lugar ng trabaho* o *institusyon* na kinabibilangan mo. Ibahagi ito sa iyong mga kaibigan, kapitbahay at kasamahan.

### Ang Panatang Makabayan

Iniibig ko ang Pilipinas.
Ito ang aking lupang sinilangan;
Ito ang tahanan ng aking lahi;
Ako'y kanyang kinukupkop at tinutulungan;
Upang maging malakas, maligaya at
kapakipakinabang.
Bilang ganti, diringgin ko ang payo ng aking mga
magulang;
Susundin ko ang mga tuntunin ng aking paaralan;
Tutuparin ko ang mga tungkulin ng isang
mamamayang makabayan at masunurin sa batas;
Sisikapin kong maging isang tunay na Pilipino sa
isip, sa salita at sa gawa.

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 37.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Ilagay ang tamang sagot sa patlang. Pumili ng sagot sa listahan sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| pagkilos | isip | pagsasalita |
| gawa | pasalubong | Panatang Makabayan |

1. Tanda ng pagiging bukas-palad at maalalahanin ang pagbibigay ng ______________________.
2. Itinuturo sa atin ng ____________________kung paano at kung bakit dapat mahalin at ipagmalaki ang sariling bayan.
3. Hindi lamang sa salita napatutunayan ang pagmamahal sa bayan kundi pati na rin sa ____________________.
4. Maipakikita mo ang iyong katapatan sa iyong bayan sa pamamagitan ng _______________sa sariling wika.

5-6. Ang isang tunay na Pilipino ay Pilipino sa _____________, sa salita at sa _____________.

B. Bilang isang mag-aaral ng NFE A&E, paano mo maipakikita na isa kang tunay na Pilipino—sa isip, sa salita at sa gawa?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.

## Tandaan Natin

Madalas mong maririnig at mababasa ang tungkol sa maraming kanais-nais na katangian bilang mamamayan. Hindi sapat na malaman mo ang mga katangiang ito. Mahalagang isagawa mo ang mga katangiang ito—sa isip, salita at gawa.

Ang isa sa mga katangian na dapat mong laging isagawa ay ang pagmamahal at paggalang sa ating mga nakatatanda. Dahil maaaring maging gabay natin sa ating pang-araw-araw na buhay ang kanilang dunong at karanasan.

Katapatan sa ating bayan ang isa pang kasinghalagang katangian na dapat nating pagyamanin at paunlarin. Maaari mong ipakita ito sa pamamagitan ng pagsasalita ng ating pambansang wika, pagpapahalaga sa ating mga bayani, pambansang simbolo at pambansang awit, at sa pamamagitan ng pagtulong mo sa iyong bayan para maging masagana at maunlad ito.

## Ibuod Natin

Sa modyul na ito, nalaman mo ang mga kanais-nais na katangiang Pilipino na maaari nating pagyamanin. Huwag kalimutang isagawa sa iyong pang-araw-araw na aktibidad ang mga sumusunod:

- *Igalang ang mga nakatatanda sa lahat ng oras*—Alagaang mabuti ang iyong mga magulang at lolo't lola habang tumatanda sila at sikaping lagi silang kapiling.
- *Panatilihin ang malapit na ugnayan ng pamilya*—Hanggang maaari'y sikaping makapiling ang iyong pamilya. Ibigay sa kanila ang pagmamahal at suporta na maihahandog mo.
- *Laging manalig sa Diyos*—Regular na magdasal at magpasalamat sa Kanya sa lahat ng biyayang ibinigay Niya sa iyo.
- *Sumama sa bayanihan*—Tumulong at sumuporta sa iyong mga kapitbahay at komunidad; gawin itong magandang lugar ng paninirahan.
- *Maging matiyaga at magkaroon ng positibong pananaw sa buhay*—Manatiling mahinahon kapag may mga problema. Huwag mawalan ng pag-asa at tanawin ang magandang bahagi ng buhay sa panahon ng paghihirap.
- *Tumanaw ng utang na loob*—Kapag may tumulong sa iyo sa oras ng pangangailangan, gantihan mo siya ng tulong sa abot ng iyong makakaya. Kapag nangangailangan ang isang mahal sa buhay, damayan mo siya sa lahat ng oras at huwag kang umasa ng kapalit.
- *Makisama*—Panatilihin ang katiwasayan sa pamamagitan ng mabuting pakikisama sa iyong mga kaibigan, pamilya at kasamahan. Sikaping unawain

ang kanilang masasamang katangian at masiyahan sa kanilang magagandang katangian.

- *Maging bukas sa pagtanggap sa mga bisita*—Maging mapagkaibigan at bukas-palad kapag tumatanggap ng mga bisita. Ipinapakita ng pag-eestima mo sa mga taong bagong kakilala kung paano makipagkaibigan ang mga Pilipino.
- *Maging mapamaraan o maabilidad at malikhain*—Pagkasyahin kung ano ang mayroon ka. Paunlarin ang kasanayan mo sa pag-iimbento ng mga bagong bagay na makakapagpagaan sa iyong buhay, sa tahanan man o sa lugar ng trabaho.
- *Igalang ang mga kababaihan*—Magbigay-galang sa kababaihan sa trabaho o kahit sa lansangan. Nararapat na igalang sa lahat ng oras ang kababaihan tulad ng mga nakatatanda.

Dahil nalaman mo na ang mga kanais-nais na katangiang Pilipino na nabanggit sa itaas, inaasahang pagyayamanin at patitibayin mo ang mga ito para maging isa kang mas mabuti tao at mabuting mamamayang Pilipino. Mamumukod tayong mga Pilipino kung patitibayin o isasagawa natin ang mga katangiang ito sa ating pang-araw-araw na buhay. Kahit sa dayuhang bayan at malayo sa sariling bayan, madalas na namamayani ang diwang Pilipino. Salamat sa malaking bahagi ng positibong pananaw sa buhay na malalim na nakaugat sa ating kultura.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo

Lagyan ng tsek (✔) ang tamang pahayag at lagyang ng ekis (✘) ang maling pahayag.

_______ 1. Gustong kapiling ng mga Pilipino ang kanilang mga magulang at kapatid habang sila'y tumatanda.

_______ 2. May negatibong pananaw sa buhay ang mga Pilipino. Hindi sila tumitingin sa maaliwalas na bahagi ng buhay.

_______ 3. Ang pagbibiyahe sa loob ng Pilipinas sa halip na sa labas ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa sariling bayan.

_______ 4. Hindi mo iginagalang ang Pambansang Awit ng Pilipinas kung hindi ka nakatayo nang tuwid at nagtutuon ng atensyon at hindi mo inilalagay ang iyong kamay sa dibdib kapag narinig itong tinutugtog.

_______ 5. Tanda ng pagiging tunay na Pilipino ang isang magsasaka na nagsisikap nang husto na sakahin ang kanyang bukid para mapag-aral ang kanyang mga anak.

_______ 6. Binibigyang-diin ng awit na "Tayo'y Mga Pinoy" ang pagmamalaki ng mga Pilipino na matuto at gumamit ng mga wika ng ibang bansa.

_______ 7. Hindi na dapat nagmamano sa mga nakatatanda dahil itinuturing na itong lipas na o wala na sa uso.

_______ 8. Kilala ang mga Pilipino sa kasanayan at talino sa pag-iimbento ng mga bagong bagay.

_______ 9. Barong Tagalog at baro't saya ang ating pambansang kasuotan.

_______ 10. Sa henerasyong ito, nakalimutan na ng mga Pilipino ang ugaling pagdadala ng pasalubong sa kanilang mga kaibigan at pamilya kapag umuuwing galing sa ibang lugar o bansa.

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.

Kung ang nakuha mo ay:

8–10 Napakahusay! Marami kang natutuhan sa modyul na ito.

5–7 Mahusay! Balik-aralan na lamang ang ilang tanong na hindi mo nasagot nang tama.

2–4 Balik-aralan mo ang bahagi ng modyul na hindi mo naintindihan.

0–1 Kailangan mong pag-aralang muli ang buong modyul.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2)*

1. ✔ Nagpapakita ito ng paggalang sa ating pambansang awit at bandila.
2. ✔ Nanghihikayat ito na mahalin ang ating wika.
3. ✔ Sumasalamin ito sa pagmamahal sa Diyos.
4. ✔ Nagpapasigla ito sa pagsasamahan at pagtutulungan ng mga Pilipino.
5. ✘ Sumisira ito sa isang anyo na paggalang ng mga Pilipino sa mga nakatatanda.
6. ✔ Nanghihikayat ito na mahalin ang musikang Pilipino.
7. ✘ Hindi magandang katangian ang umasa ng kapalit sa ibinigay na pabor. Nagpapakita ito na hindi tapat ang tulong na ibinigay.
8. ✔ Kinikilala nito ang mga magulang ng mapapangasawa at nagpapakita ng paggalang sa pagbibigay permiso na makasal ang kanilang anak.
9. ✘ Tradisyong Pilipinong-pilipino ang pag-aabuloy sa namatayang pamilya.
10. ✔ Nakaugalian na ng mga Pilipino ang pakikisama. Nakikita ito sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan.

### B. Aralin 1

*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pahina 3)*

1. **(c)** ang sagot. Nagpapakita ng **paggalang sa mga nakatatanda** ang pagmamano sa mga magulang at nakatatandang kamag-anak, pakikinig at pagpapahalaga sa kanilang payo at pag-aalaga sa ating mga magulang kapag matatanda na sila.
2. **(h)** ang sagot. Sumasalamin sa **malapit na ugnayan ng pamilya** ang pagkakaroon ng oras sa pamilya tulad ng pagsisimba at pagbabakasyon nang magkakasama.
3. **(a)** ang sagot. **Pananalig sa Diyos** ang paniniwala sa Kanya na Siya ang laging mangangalaga sa atin.
4. **(f)** ang sagot. Nagpapakita ng **bayanihan** ang pagtulong sa ating kapwa Pilipino at kahandaan sa pagtulong sa kanila, lalo na sa panahon ng pangangailangan.

5. **(i)** ang sagot. **Pagtitiyaga at positibong pagtingin sa buhay** ang pagtanaw sa hinaharap at laging pagtingin sa maaliwalas na bahagi ng buhay.

6. **(d)** ang sagot. Sumasalamin sa pagpapahalagang Pilipino na **utang na loob** ang pagganti sa pabor, lalo na sa tulong na ibinigay sa oras ng pangangailangan.

7. **(g)** ang sagot. Nagpapakita ng **pakikisama** ang pagpapanatili ng mabuting pagsasamahan at matiwasay na pakikipag-ugnayan sa lahat.

8. **(b)** ang sagot. Pagmamagandang-loob ang **pag-eestima sa mga bisita** at pagiging bukas-palad sa mga bisita.

9. **(e)** ang sagot. Nagpapakita ng pagiging **mapamaraan o maabilidad at pagkamalikhain** ang kakayahan ng mga Pilipino na mag-imbento, lumikha at gumawa ng mga bagay.

10. **(j)** ang sagot. Nagpapakita ng **paggalang sa kababaihan** ang paggalang sa mga ina, iba pang babaeng kamag-anak at kaibigan.

*Pag-usapan Natin Ito (pahina 7)*

1. Mensahe ng awit na dapat nating ipagmalaki ang ating nasyonalidad. Hindi dapat magmukha at kumilos na tulad ng mga dayuhan ang mga Pilipino.

2. Hindi, dahil batay sa awit, may sarili tayong kultura na dapat nating ipagmalaki.

3. Ang ibig sabihin ng pariralang nabanggit ay may mga Pilipinong nagpupumilit na magmukha at kumilos na tulad ng mga dayuhan pero nagmumukha silang katawa-tawa. Sa madaling sabi, ikinahihiya ng ilang Pilipino ang sarili nilang nasyonalidad.

4. Ang sumusunod ay ilang posibleng sagot:

   - ilong na pango
   - balat na kayumanggi
   - kulot na buhok

5. Hindi, dahil ipinagmamalaki ko kung sino ako.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 10–11)*

1. Ipakikita ko ang aking **pagmamagandang-loob.** Pauupuin ko sa sopa ang bisita. Pamimiryendahin ko siya at hangga't maaari'y gagawin kong komportable ang pagtira niya kasama ang aking pamilya.

2. Ipakikita ko ang diwa ng **bayanihan.** Tutulong ako sa aking kapitbahay na kumpunihin ang kanyang bubong. Hihikayatin ko din ang iba naming kapitbahay na tumulong sa amin.

3. Ipakikita ko ang **paggalang sa mga nakatatanda.** Agad ko silang babatiin at magmamano ako sa kanila.

4. Ipakikita ko ang **pagtanaw ng utang na loob.** Ipapangako ko sa kanya na babayaran ko siya sa sandaling magkapera ako at ipapahayag ko ang aking pasasalamat at kasiyahan sa kanyang ginawa.

5. Ipakikita ko ang **tiyaga at positibong pananaw sa buhay.** Pag-iisipan kong mabuti ang solusyon. Itatanim ko sa isip na maaaring malutas ang lahat ng problema at makakaya kong lutasin **ang aking problema.**

## C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pahina 13–14)*

1. Para magbigay-galang sa bandilang Pilipino, dapat kang tumayo nang tuwid, magtuon ng atensyon at ilagay mo ang kanang kamay sa dibdib kapag inaawit ang Pambansang Awit ng Pilipinas. Kung hindi mo ito ginagawa, sikaping gawin ito nang regular.

2. dyipni, maya

3. Jose Rizal, Andres Bonifacio, del Pilar, Mabini, Quezon

4. Maraming posibleng sagot sa tanong na ito. Kunsultahin ang *Instructional Manager* tungkol dito. Ang isang sagot ay ang pagtulong sa kanila sa oras ng pangangailangan. Ang isa pa'y ang paggalang sa kanilang mga opinyon at paniniwala.

5. Mahalagang malaman at mahalin ang ating kultura, lalo na kung nagpapatibay ang mga kanais-nais na katangian. Makatutulong din ito na maging mas mabuti tayong tao, at igagalang tayo ng mga tao sa ibang bayan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina15)*

A. 1. Ang "Lupang Hinirang" ang pambansang awit ng Pilipinas.

2. Si Dr. Jose Rizal ang ating pambansang bayani.

3. Ang Barong Tagalog ang kasuotang Pilipino para sa kalalakihan.

4. Pambansang puno ang narra.

5. Pambansang bulaklak ang sampaguita.

B. 1. Dapat akong tumayo nang tuwid, magtuon ng atensyon at ilagay ko ang kanang kamay sa kaliwang dibdib. Dapat akong tumingin sa bandila at umawit nang buong katapatan.

2. Halimbawang sagot ito. Maaaring medyo naiiba ang sagot mo. Maaari mong ipakita sa *Instructional Manager* ang sagot mo.

Kailangang mas marami pa akong malaman tungkol sa aking kultura para makatulong sa akin na maging mas mabuti at tunay na Pilipino ako. Kailangang mas marami akong malaman tungkol sa mga katangian at pinahahalagahan sa buhay na kanais-nais sa Pilipino upang maipagmalaki ako ng aking bayan at mga kababayan.

## D. Aralin 3

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 21–22)*

1. Ilan sa mga kanais-nais na katangiang ginampanan ng mga tauhan sa dula:
   - pagbibigay-galang sa mga nakatatanda
   - pagmamagandang-loob sa mga bisita
   - pagkakaroon ng matibay na pananalig sa Diyos
   - pagiging maalalahanin at bukas-palad
   - pagmamahal sa bayan
   - paggalang sa mga nakatatanda
2. Tunay na Pilipino si Domeng dahil ipinagmamalaki niya ang kanyang nasyonalidad at ang bayang kanyang sinilangan. Hindi siya katulad ng ibang Pilipino na madaling makalimot sa kanilang kultura.
3. Oo, dahil isang paraan ng pagtulong sa bayan ang pamimili sa mga Duty Free Shops.

*Pag-usapan Natin Ito (pahina 25)*

1. Ilan sa mga kainais-nais na katangian na ginampanan ng mga tauhan:
   - pagmamahal sa bayan
   - paggalang sa mga nakatatanda
   - utang na loob
2. Maraming posibleng sagot sa tanong na ito. Ang isang katangian na dapat patibayin ay ang ating pagmamahal sa bayan dahil sa panahon ng globalisasyon kung saan nagbabahaginan ng mga kultura sa buong mundo, may tendensiyang mawalan tayo ng pagkakakilanlan. Sa gayon,

kailangan nating muling tuklasin at mahalin ang ating kultura. Maaari din nating igalang ang iba o magmagandang-loob sa mga bisita.

3. Oo, dahil nawawala ang halaga ng salapi subalit walang hanggan ang tapat na pagganti sa kabutihan at pagiging bukas-palad at maaari itong pakaingatan nang habambuhay. Walang katumbas na salapi o hindi mababayaran ng mga materyal na bagay ang anumang kabutihang ginawa sa iyo.

*Subukan Natin Ito (pahina 27–28)*

1. Tungkol sa pagiging tunay na Pilipino ang sanaysay. Tumatalakay ito sa kung paanong nagpakita ang ating mga pambansang bayani ng kanilang pagmamahal sa ating bayan, na dapat tularan ng lahat ng Pilipino.

2. Batay sa sanaysay, dahil sa pagmamahal sa bayan ng ating mga pambansang bayani kaya nila ibinuwis ang kanilang buhay. Ipinakita ang pagmamahal na ito sa gawa at pagkilos at hindi lamang sa salita.

3. Maaari na namang magkaiba-iba ang mga sagot depende sa mga mag-aaral. Ang ilang posibleng sagot ay ang sumusunod:

   – Sa panahon ng digmaan, maaaring ipakita ang pagmamahal sa ating bayan sa pamamagitan ng pagpapatala sa hukbong sandatahan para ipagtanggol ang ating bayan o pagbibigay ng kusang-loob na serbisyo bilang nars o katulong sa isang ospital ng hukbo.

   – Sa panahon ng kapayapaan, maipakikita ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagiging makabayan na responsable sa mga pagkilos at pagtangkilik sa ating mga produkto. Maaari ding lumahok sa mga mapayapang rali tulad ng kamakailang Rebolusyon sa EDSA II.

4. Maaaring mag-iba-iba ang mga sagot pero ang sumusunod ang ilang posibleng sagot:

   **Guro:** pagtuturo sa mga mag-aaral na mahalin ang kanilang bayan, pagsasalita ng pambansang wika, paggalang sa pambansang bandila at awit, atbp.

   **Pulis:** mahigpit at makatwirang pagpapatupad sa batas at pagdakip sa mga lumalabag sa batas, pangangalaga sa karapatang pantao, pagpapanatili sa kapayapaan at kaayusan, atbp.

   **Doktor:** buong-pusong paglilingkod sa mga pasyente at pagtulong sa pagpapanatili ng kalusugan ng mga tao o kaya'y pagtatrabaho sa Pilipinas sa halip na sa ibang bansa.

**Negosyante:** pagbebenta ng mga produktong gawa sa Pilipinas, paghihikayat sa mga Pilipino na bumili ng mga produktong lokal, at pagbabayad ng tamang buwis.

5. Dapat mong subukang sumapi sa mga organisasyong naglalayong mangalaga sa kapaligiran, gawing mas mapayapa ang komunidad o bayan (mga konseho sa kapayapaan) o gumalang sa mga karapatan ng iba pang mamamayan tulad ng mga grupong katutubo, kababaihan, mga bakla't tomboy, atbp. Sa ganitong paraan, mararamdaman mo na totoong lumalahok at nagbabahagi ka para sa ikauunlad ng ating bayan.

6. Ang natamong pag-unawa ay ang pagpili sa mga kuwalipikadong pinuno para magkaroon ng kapayapaan sa buong bayan. Dapat maging tapat, matiyaga at may positibong pananaw sa buhay ang mabubuti at epektibong pinuno ng ating bayan, at dapat silang makisama at sumali sa bayanihan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 29)*

A. 1. Tanda ng pagiging bukas-palad at maaalalahanin ng Pilipino ang pagbibigay ng <u>pasalubong</u>.

2. Itinuturo sa atin ng <u>Panatang Makabayan</u> kung paano at bakit dapat mahalin at ipagmalaki ang sariling bayan.

3. Hindi lamang sa salita mapatutunayan ang pagmamahal sa bayan kundi pati na rin sa <u>pagkilos</u>.

4. Maipakikita mo ang iyong katapatan sa iyong bayan sa pamamagitan ng <u>pagsasalita</u> ng sariling wika.

5-6. Ang isang tunay na Pilipino ay Pilipino sa <u>isip</u>, sa salita at sa <u>gawa</u>.

B. Narito ang halimbawang sagot. Maaaring naiiba sa nasa ibaba ang sagot mo.

Bilang mga mag-aaral ng NFE A&E, maipakikita ko ang pagiging tunay na Pilipino sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga modyul na makatutulong sa akin na mapayaman ang aking kaalaman at magamit sa pang-araw-araw na buhay ang mga aral at mga pinahalagahan sa buhay na matututuhan ko sa mga ito. Sa ganitong paraan, magagabayan ang aking isip, salita at gawa ng mahahalagang aral sa mga pinahahalagahan sa buhay ng mga Pilipino.

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pahina 32)*

1. ✔ Kilala ang mga Pilipino sa pagkakaroon ng malapit na ugnayan ng pamilya. Mas pinipili ng karamihan na kapiling ang mga magulang at kapatid habang sila'y tumatanda.

2. ✘ May positibong pananaw sa buhay ang mga Pilipino. Maaliwalas ang tingin nila sa bahagi ng buhay at naniniwalang may kalutasan ang lahat ng problema.

3. ✔ Isang paraan ang pamamasyal sa iba't ibang lugar sa Pilipinas para maipakita ang pagmamahal sa bayan.

4. ✔ Para magbigay-galang sa Pambansang Awit ng Pilipinas, tumayo ka nang tuwid, magtuon ng atensyon at ilagay mo ang iyong kanang kamay sa kaliwang dibdib kapag narinig itong tinutugtog.

5. ✔ Tanda ng pagiging tunay na Pilipino ang pagsisikap nang husto para sa sariling pamilya.

6. ✘ Binibigyang-diin ng awiting "Tayo'y Mga Pinoy" ang pagmamalaki ng mga Pilipino sa sariling wika, hindi ang mga wika ng ibang bansa.

7. ✘ Dapat pa ring magmano sa mga nakatatanda dahil isang paraan ito ng pagbibigay-galang sa kanila.

8. ✔ Kilala ang mga Pilipino sa kasanayan at talino sa pag-iimbento ng mga bagay.

9. ✔ Barong Tagalog para sa kalalakihan at baro't saya naman para sa kababaihan ang ating mga pambansang kasuotan.

10. ✘ Ugali pa rin ng mga Pilipino ang pagdadala ng pasalubong sa kanilang mga kaibigan at pamilya kapag umuuwi sa Pilipinas.

## Talahuluganan

**Katangian** Isang naiibang ugali, asal o gawi

**Mabuting pagsasamahan** Tanda ng pagkakasundo sa damdamin o pagkilos

**Mapamaraan o maabilidad** Kakayahang gumawa ng paraan para makaangkop sa sitwasyon

**Pamamanhikan** Okasyon kung saan hinihingi ng ikakasal na lalaki at ng kanyang pamilya ang kamay ng mapapangasawa

**Positibong pananaw** Magandang pagtingin sa buhay

**Subkultura** Mga grupong etniko, rehiyonal, pang-ekonomiya o panlipunan na nagpapakita ng mga katangiang ikinatatangi sa iba sa loob ng kultura o lipunan ding iyon